# Patakaran sa Wika at ang Pamantasan

Nitong Setyembre 28-29, 2015, idinaos ang UP Diliman GE Conference. Naging lunsaran ang kumperensiyang ito upang muling maitampok ang Palisi sa Wika ng Unibersidad ng Pilipinas. Dito nailatag ang ilang historikal na konteksto tungo sa pagbuo ng palisi sa wika, at kung bakit nanguna ang Unibersidad ng Pilipinas sa pagsulong ng wikang Filipino bilang wika ng komunikasyon, midyum ng pagtuturo, at halaga nito sa larangan ng saliksik. Hindi maitatanggi na matapos ang dalawampu't anim na taon, simula nang ipatupad ang palisi sa wika, at itayo ang Sentro ng Wikang Filipino, ngayon higit kailanman, mas kinakailangan ang pagbalik-tanaw sa mga naging aral at pagtipon ng mga datos upang itanyag ang halaga at silbi ng wikang Filipino sa mga akademikong institusyon, partikular ng ating Unibersidad.

Sa kasalukuyan, muling humaharap ang Filipino sa pagtatangka ng Unibersidad na hindi ito mapabilang sa batayang kurso na marapat kunin ng mga papasok na mag-aaral sa U.P. Maraming inilatag na dahilan tulad ng ASEAN Integration, internasyunal na mobilidad ng mga mag-aaral, at ang bagong programang K-12 ng Department of Education na sinabing ang mga kurso sa Filipino sa kolehiyo ay mapag-aaralan na sa sekundaryong lebel. Subalit sa inisyal na suri at paglalapat ng mga kurikulum, malayong-malayo ang batayan ng pag-aaral sa Grades 11 at 12 sa Filipino, sa mga kursong Filipino sa kolehiyo.

Higit pa, nasa konteksto rin ang bantang pag-alis ng Filipino bilang pangangailangang kurso sa batayang edukasyon ng UP dahil sa pagtapyas sa bilang ng yunit sa GE na marapat kunin ng mga mag-aaral kung saan ang minimum na kahingian ay 21 na lamang. Kaya ngayon pa lamang, higit na kailangan ang mas masigasig na pakikiisa, pagtipon ng mga batayang datos, at kolektibong pagsuri at pagtugon para sa pagsulong ng Filipino bilang esensiyal na disiplina na nagbibigay-hubog sa ating pagiging pambansang pamantasan.

Sa kabila ng mga bantang ito, nagpapatuloy sa pag-ambag ang mga iskolar at mananaliksik ng wika, kultura, at panitikan tungo sa pagbuo at pagpapalaganap ng bagong kaalaman gamit ang Filipino. Ito ang napatunayan ng kasalukuyang isyu ng Daluyan: Journal ng Wikang Filipino na regular na inilalathala ng Sentro ng Wikang Filipino-Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Narito ang partikular na mga pag-aaral sa piling mga wika sa Pilipinas. Sa pamamagitan ng siyentipikong pagsusuri ng mga iskolar sa linggwistiks, naitampok ang historikal at panlipunang konteksto sa mga naging proseso ng pagbabago ng mga wikang pinagbatayan ng pag-aaral. Nailatag ang mga usaping may kinalaman sa konstruksiyon ng identidad batay sa pag-aaral ng wika sa tiyak na lunan at panahon. Natukoy rin sa mga pananaliksik kung ano-ano pang mga paksa at aralin sa wika ang maaaring maging lunsaran at mahalagang pag-aralan tulad halimbawa ng pagsusuri sa yaman ng mga wikang umiiral sa iba't ibang rehiyon sa Pilipinas.

Marapat tingnan na lampas sa usapin ng midyum ng pagtuturo ang pagtatakda ng nasyunal na pamantasan ng patakarang pangwika. Isa ito sa esensiyal na bahagi ng isang akademikong institusyon na lunsaran ng pagkakasundo sa halip na pagkakawatak-watak ng mga idea at pananaw. Dahil may kapangyarihan ang institusyon na magtakda ang patakarang pangwika, nagiging instrumento rin ito ng kontrol kaya't marapat maging maingat sa pagsasakatuparan; mahalagang may malinaw na bisyon at misyon kapwa sa buong institusyon at hinuhubog nitong mga mag-aaral. Isinisiwalat ng patakarang pangwika kung paano natin tinitingnan ang ating pagkamamamayan. Sa konteksto ng UP, hamon ito kung paano natin hinuhubog ang ating mga mag-aaral na may pagpapahalaga sa pagka-Filipino na may wastong halagahin sa kaniyang kultura at kaakuhan. Sa madali't sabi, isinisiwalat ng patakarang pangwika ang mga isyu at politika sa pagbuo ng identidad, masalimuot na sistema ng edukasyon at ang usapin ng pagkakapantay-pantay.

Hindi maitatanggi na nagpapatuloy pa rin ang pananaliksik at pagbuo ng kaalaman sa larangan ng panitikan, partikular sa aspekto ng kritikal na panunuri. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga nalathalang akda, naging lunsaran ang mga ito upang makapag-ambag ang mga artikulo sa lalim at tradisyon ng panunuring pampanitikan sa Pilipinas. Maaaring sabihing matatag na ang larangan ng panunuring pampanitikan sa bansa sapagkat kaliwa't kanan na ang paglalathala ng mga libro at akademikong mga journal na naglalaman ng ganitong aplikasyon ng teorya at praktika. Gayunman, dahil sa mga bagong pag-aaral sa panitikan na kasama sa isyu na ito, nagkakaroon ng pagpapanibagong-hubog at pagbasa sa mga piling akda. Ito rin naman talaga ang esensiya ng panunuring pampanitikan, nagbabago at umuunlad upang madagdagan ang kaalaman at makapagsagawa ng talaban ng mga idea at pananaw.

Patuloy na tugon ang mga artikulong kasama sa isyu na ito ng Daluyan sa hamon kung gaano nga ba kaepektibo ang paggamit sa wikang Filipino sa larangan ng pananaliksik at panunuri. Ilang ulit na itong napatunayan subalit tila hindi matapos-tapos ang pagpuna na palaging inilalagay ang Filipino sa inaakalang de-kahon na silbi nito sa komunikasyon at usapin sa gramar. Kung patuloy ang pagpuna, ganoon din naman kasigasig ang ating mga iskolar at mananaliksik na tugunan ang mga hamon na ito.

Sa huli, siguro nga'y hindi pa tapos ang laban. Subalit noon pa man, marami na tayong napagtagumpayang matibay na tuntungan kung bakit hindi maaaring mabura ang Filipino sa Unibersidad ng Pilipinas bilang pambansang pamantasan: lunsaran ang Filipino sa pagbuo ng kaalaman, batayan ito ng ating kaakuhan.

ROMMEL B. RODRIGUEZ, PhD
Punong Editor

*Nagtuturo si Dr. Rommel B. Rodriguez ng panitikan at malikhaing pagsulat sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura, UP Diliman. Bukod sa pagiging guro, isa rin siyang malikhaing manunulat na nagkamit na ng iba't ibang gawad pampanitikan tulad ng Palanca. Awtor siya ng librong* Lagalag ng Paglaya *na inilathala ng UP Press noong 2011. Kasamang editor din siya ng mga antolohiyang* Kathang-Isip: Mga Kuwentong Fantastiko *(Ateneo de Manila University Press, 2011) at* Transfiksyon: Mga Kathang In-transit *(UP Press, 2014). Naging Visiting Professor siya sa Shizuoka University sa Japan noong 2014. Aktibo siyang mananaliksik ng kasaysayan at kulturang Filipino at kasalukuyang direktor ng Sentro ng Wikang Filipino sa UP Diliman.*